Pangalan: ______________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Pagbibigay ng Paksa sa Kuwento o Usapan**

**I. Panuto:** Basahin ang kuwento.Sagutin ang mga tanong tungkol sa kuwento. Isulat ang mga sagot sa nakalaang patlang.

**Nang Dahil sa Ipon**

Isang hapon, malungkot na umuwi sa kanilang tahanan si Mang Delfin. Hindi niya akalain na sa araw na iyon ay mawawalan na siya ng trabaho. Mahigit sampung taon din siyang naging guwardiya sa restawran na kaniyang pinapasukan. Dahil sa pandemyang dulot ng COVID-19, napilitang magsara ang restawran.

"Hindi ko alam kung kailan ako makahahanap ng bagong trabaho. Wala tayong ibang pinagkukuhanan ng kabuhayan kundi ang trabaho ko," may pag-aalalang wika ni Mang Delfin. "Huwag kang masyadong mag-alala. Magagawan natin ng paraan iyan," sabi ni Aling Belen sa asawa. Nakita at narinig nina Roy, 16 taong gulang, at Rina, 11 taong gulang, ang pagkabahala ng kanilang ama. Gusto nilang makatulong sa kanilang pamilya. Kaya naman, nagpasiya silang kunin ang matagal na nilang naipon na pera.

"Mayroon po akong naipong pera dito, Nay, Tay. Galing po ito sa mga ibinigay ninyong baon ko sa eskwela," wika ni Roy sa kaniyang mga magulang. "Heto naman po ang sa akin. Katulad po ni Kuya, hindi rin po ako bumibili ng mga bagay na hindi kailangan. Naipon ko rin po ito, Nay, Tay," sabi naman ni Rina. Hindi makapaniwala sina Mang Delfin at Aling Belen. Hindi nila inakalang nag-iipon pala ang kanilang mga anak.

"Mayroon pa rin naman akong kaunting naipon diyan. Maganda siguro kung gamitin natin itong puhunan sa isang maliit na negosyo," biglang naisip ni Aling Belen. "Magandang ideya iyan! Mabuti pa ay magtinda tayo ng mga ulam. Marami rin akong natutuhang lutong ulam sa restawran na aking pinasukan," nabuhayan ng loob na banggit ni Mang Delfin.

Makalipas ang isang linggo ay nagtayo sila ng maliit na karinderya sa harapan ng kanilang tahanan. Magkatulong sa pagluluto at pagtitinda ng mga pagkain sina Aling Belen at Mang Delfin. Sina Roy at Rina naman ang gumagawa ng ibang mga gawain sa bahay.

Hindi nagtagal ay dumami na ang bumibili sa kanila. Mabilis na lumago ang kanilang munting kainan. Nagustuhan ng mga tao ang lasa ng kanilang panindang mga ulam. Masayang-masaya si Mang Delfin at Aling Belen, at labis ang pagpapasalamat nila kina Roy at Rina. "Mga anak, mabuti na lamang at marunong kayong mag-ipon. Nang dahil sa inyong ipon ay nagkaroon tayo ng maliit na negosyo. Hindi na ako mag-aalala ngayon," masayang wika ni Mang Delfin.

| | |
|---|---|
| 1. Sino ang nawalan ng trabaho? | |
| 2. Ano ang ginawa ng kaniyang mga anak? | |
| 3. Ano ang kanilang ginawa sa naipong pera? | |
| 4. Tungkol saan ang kuwento? | |
| 5. Bakit mahalaga ang pag-iipon ng pera? | |

**II. Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa kuwentong "Nang Dahil sa Ipon." bilugan ang tamang sagot.

1. Saang bahagi ng kuwento mo narinig ang iyong sagot sa bilang 3?

a. Unang talata b. Ikalawang talata c. Gitnang talata d. Huling talata

2. Ang pagbabasa ay isang kasanayang dapat matutuhan ng bawat mag-aaral. Marami ang kaalamang nakukuha sa pagbabasa. Lumalawak din ang ating imahinasyon sa pagbabasa. Nakikita natin sa ating isipan ang ating binabasa. Nakararating tayo sa iba't ibang lugar.

a. Ang Mag-aaral b. Ang Pagbabasa c. Ang Dapat Matutuhan d. Ang Kaalaman

3. Ano ang kaisipang nais iparating sa iyo ng kuwentong napakinggan?

a. Kahalagahan ng pagnenegosyo b.Epekto ng pandemyang COVID-19

c. Kahalagahan ng pag-iipon d.Katatagan ng pamilya

4. Anong kahalagahan ng pag-iipon ang ipinakita sa kuwento?

a. Dahil sa pag-iipon, natanggap sa bagong trabaho si Mang Delfin.

b. Dahil sa pag-iipon ay nakapagbahagi sila ng pagkain sa iba.

c. Dahil dito ay nakapag-ipon sila sa bangko ng malaking halaga.

d. Dahil sa pag-iipon, nagkaroon sila ng puhunan para sa maliit na kainan.

5. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapahiwatig ng kahalagahan ng pag-iipon para sa mga tauhan sa kuwento?

a. "Nang dahil sa inyong ipon ay nagkaroon tayo ng maliit na negosyo."

b. "Hindi ko alam kung kailan ako makahahanap ng bagong trabaho."

c. "Hindi rin po ako bumibili ng mga bagay na hindi kailangan."

d. "Mabuti pa ay magtinda tayo ng mga pagkain."